**Umiiral at Binabalak na Mga Panukala sa Pagtataguyod ng Pagkakapantay-pantay ng Lahi**

**Hong Kong Education City Limited**

Ang Hong Kong Education City Limited (EdCity) ay nagtataguyod at sumusuporta sa e-Learning at makabagong edukasyon sa Hong Kong. Ang EdCity ay namamahala sa one-stop na portal ng propesyonal na edukasyon (EdCity.hk) sa pagbibigay ng impormasyon, mga mapagkukunan, mga interaktibong komunidad, mga online na kasangkapan at serbisyo sa mga guro, mag-aaral, magulang, mga kasosyo at ang pangkalahatang publiko.

Mga Serbisyong May Kinalaman

- Impormasyon sa websayt; digital na mga mapagkukunan sa pag-aaral, pagtuturo at pagtatasa; mga platapormang eLearning; mga gawain sa propesyonal na paglago at mga gawain ng mag-aaral.

Umiiral na Mga Panukala

- Ang EdCity ay nagtatag ng Patakaran sa Pantay-pantay na Oportunidad upang alisin ang anumang uri ng diskriminasyon. Tinitiyak ng EdCity na ang lahat ng mga tagagamit ng serbisyo na magkakaibang lahi ay magkakaroon ng pantay na oportunidad sa paglapit at paggamit ng aming mga serbisyo.
- Ang mga impormasyon sa serbisyo ng EdCity na inilathala sa mga websayt at iba pang mga daloy ng komunikasyon ay dalawahang wika (Ingles at Tsino).
- Ang mga serbisyo sa customer ng EdCity ay makukuha sa parehong nakasulat at binibigkas na Tsino at Ingles.
- Pagsasapubliko ng pagkakaroon ng mga serbisyong wika sa lahat ng mga lugar ng pagkakaloob ng serbisyo at websayt ng EdCity upang ihatid ito sa pansin ng mga tagagamit ng serbisyo.
- Ang "Kard sa pagkakakilanlan ng wika" ay nakalagay sa mga lugar ng pakakaloob ng serbisyo upang ipahiwatig ang pagkakaroon ng mga serbisyo sa wika na nakakatulong sa mga tagagamit ng serbisyo na nakakapagsalita ng kaunting Tsino o Ingles.

| | |
|---|---|
| | • Ang naaangkop na mga serbisyo sa wika ay ipagkakaloob kung kinakailangan. |
| Pagtatasa ng Gawain sa Hinaharap | • Ipagpapatuloy ng EdCity ang mahigpit na pagpapatupad ng mga umiiral na panukala at pana-panahong tatasahin ang pangangailangan ng serbisyo sa wika batay sa ibinigay na istatistika sa pagkakaloob ng mga serbisyo sa wika. |
| Mga Karagdagang Panukalang Ipinatupad/ Ipatutupad | • Tinitiyak ang pagkakaroon ng lahat ng mga tagagamit ng serbisyo na magkakaibang lahi ng pantay na oportunidad sa paglapit at paggamit ng aming mga serbisyo kabilang ang pagbibigay ng mga serbisyong interpretasyon at pagsasalin kung kinakailangan.<br><br>• Isaayos ang mga alituntunin ng pagsasagawa sa mga serbisyo sa wika, tiyakin na ang lahat ng kawani, lalo na ang mga kawaning nasa harapan sa paglilingkod ng mga customer, ay may kamalayan sa mga patakaran ng serbisyo sa wika at alam ang itinakdang pamamaraan ng paggawa, at bigyan ang mga kawani ng napapanahong panuto at tulong kung kinakailangan.<br><br>• Pagbibigay ng pagsasanay sa mga kawani upang mapahusay ang kanilang pagiging sensitibo at pag-unawa sa pagkakapantay-pantay ng lahi sa pagkakaloob ng mga serbisyo, kinakailangang mga kasanayan at pamamaraan upang magtrabaho ng mabisa sa mga tagagamit ng serbisyo, mga tagapag-saling wika, atbp. |

Para sa mga katanungan tungkol sa mga umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnay kay Bb. Bonnie Tam, Pinuno ng Serbisyo ng Korporasyon sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan:


| | | |
|---|---|---|
| Telepono | : | 2624 1000 |
| Fax | : | 2624 1088 |
| Email | : | bonnie.tam@hkecl.net |
| Address sa Koreo | : | Hong Kong Education City Limited, Sha Kok Estate, Shatin, N.T. |


**Hong Kong Education City Limited**
**Mayo 2025**